SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HULYO 16, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........ | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan | ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ........ | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ........ | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ........ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo S. Ramirez | ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........ | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ........ | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 097-T'07

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGLILIPAT AT PAGLAAAN NG HALAGANG ISANG DAAN DALAWAMPU'T PITONG LIBO, PITONG DAAN PITUMPU'T PITONG PISO AT SIYAMNAPU'T TATLONG SENTIMOS (P127,777.93) MULA SA NABAKANTENG POSISYON NG ISANG KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN MULA SA BUWAN NG MARSO 1 HANGGANG HUNYO 30, 2007 NA NAGKAKAHALAGA NG P133,808.00 PARA SA MONETISASYON NG LEAVE CREDITS NG MGA KAWANI NG TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN.**

**SAPAGKA'T**, may kahilingan ang mga kawani ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan na i-monitize ang kanilang naipong leave credits upang ipambayad sa gastusin sa tuition fee ng mga anak at dahilan din sa dinaranas na kagipitang pinansiyal na hindi makasapat sa kanilang pangunahing pangangailangan, dagdag pa ang pagkakautang sa mga pribadong indibidwal at pautangan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Laura P. Obligacion at Jun M. Asinas at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN**: Na pagtibayin ang sumusunod na

## KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 11-T'07

**IPINAG-UUTOS** ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1** – Iliwat at ilaan ang kabuuang halagang P127,777.93 mula sa pondo ng nabakanteng posisyon ng isang Kagawad ng Sangguniang Bayan mula sa buwan ng Marso 1 hanggang Hunyo 30, 2007 na may nakalaang halagang P133,808.00 para sa monetisasyon ng mga kawani ng nasabing tanggapan, sa ikaaayos ng badyet sa taong ito.

**SEKSYON 2** – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**PINAGPASIYAHAN PA**: Na pagkalooban ng kapangyarihan ang Gumaganap na Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan sa pagliliwat at paglalaan ng pondo batay sa mga patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pag-aawdit at ayon sa nilalayon ng kautusang ito.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 097-T07)



KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

KGG. RAMON D. TAN
Kagawad

KGG. JUN M. ASINAS
Kagawad

KGG. ROMULO A. ELCA
Kagawad

KGG. LAURA P. OBLIGACION
Kagawad

KGG. RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

KGG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

KGG. ANGELITO U. Limjuco
Kagawad

KGG. ALDEN A. SULIT
Kagawad

KGG. MIKE JOMEL M. OMBICO
Kagawad

NAGPATOTOO:

alan T. Pamatmat

KGG. ALAN T. PAMATMAT
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Punong Bayan